



#IWASFAKE

COURSE 3 | PAMILYANG IWAS FAKE: Home-based News Literacy Activities

Sa gitna ng COVID-19 pandemic, nananatiling sarado ang mga paaralan upang matiyak ang kaligtasan ng mga kabataan at kanilang mga guro. Upang mapigilan ang lalong pagkalat ng coronavirus, nagpatupad ang gobyerno ng lockdown measures na naglilimita sa mga kabataan na lumabas sa kani-kanilang mga bahay. Subalit, kahit sadyang mahirap para sa mga bata ang magpatuloy sa kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng remote learning modalities -- online man, TV-based, modular, o blended -- hindi dapat matigil ang kanilang pag-aaral upang matuto.

Sa kabilang banda, ang sitwasyon natin ngayon ay isang oportunidad para pag-isipan ang relasyon ng pag-aaral sa eskwela (formal education) sa pagkatuto (learning) at paglingang

ng kaalaman (knowledge creation). Paanong tuloy-tuloy na matututo ang kabataan sa kabila ng pagsasara ng mga eskwelahan at sa limitadong contact ng mga mag-aaral sa kanilang mga guro at kaklase? Paano made-develop ang kaalaman at skills ng kabataan sa loob ng kanilang mga sari-sariling tahanan? Paano masusuportahan ng pamilya ang patuloy na pag-unlad ng kamulatan ng kabataan sa gitna ng pandemya?

Laman ng ikatlong kurso ng #IWASFAKE Remote Learning Resources ang ilang mga gawain o activities na maaaring pagkaabalahan ng mga kabataan kasama ng kanilang pamilya na ang layunin ay magpatibay ng kanilang resistensya laban sa mali at mapanlinlang na balita't impormasyon. *Handa na ba kayo?*

PANIMULA

Gabay Para kina Nanay at Tatay

Maging modelong manunuri

Sino ang mas madaling tablan ng “fake news”? Ang mga anak o ang magulang? Ayon sa ilang pag-aaral, pinakabulnerable raw sa “fake news” ang mga kabataan. May ilang pag-aaral naman na nagsasaad na minsan, kung sino pa ang nakatatanda, sila pa



ang mas madaling maloko. Wala mang iisang sagot sa ating tanong, mabuting magsimula ang bawat isa -- matanda man o bata -- sa simpleng habit ng pagpapakumbaba o humility. Wala namang mali o nakakahiya sa pagtanggap na hindi natin nalalaman ang lahat ng gabay, ‘di ba?

Sa bahay, upang tayo ay maging epektibong gabay sa ating mga anak, dapat ay maging mabuting ehemplo muna tayo sa pagsusuri at pagkilatis -- hindi lang ng mga impormasyon sa ating paligid kundi pati na rin ng ating sariling mga ideya at opinyon.

Iba na ngayon

Kung dati, ang pagbabasa at pakikinig ng balita ay limitado lamang sa radyo, TV, at dyaryo, ngayon, marami sa atin ay umaasa na rin sa Internet at social media upang makakuha ng balita't impormasyon. Malaki ang pinagkaiba ng noon sa ngayon! Bukod sa mas marami na tayong napagkukunan ng balita, oras-oras, minu-minuto ay may nasasagap tayong bagong impormasyon. Ang pinalawak at pinabilis na distribusyon ng balita online ay may mabuti at masamang epekto.



Dahil kahit sino ay maaari nang maging “tagapagbalita,” nalilimutan ng ilan sa atin na may mga criteria nga pala para maging lehitimo at katiwa-tiwala ang isang balita. Una, dapat ay verified -- pinag-aralan, pinatunayan, at tiniyak bago ibalita. Ikalawa, dapat ang source ay responsable at accountable. Ibig sabihin, hindi pwedeng anonymous. Panghuli, dapat ay malaya at walang kinikilingan o independent. Mahirap po ba ‘yun? Sa totoo lang, mahirap! Mahirap humanap at bumuo ng mapagkakatiwalaang balita. Ang madali ay mag-imbento, manlito, at magkalat ng tsismis.

ACTIVITY 1

24-hour News Diet Check

Unang hakbang sa “pagbabakuna” laban sa “fake news” ay ang pagkakaroon ng consciousness o kamalayan sa sariling diet o consumption ng balita at impormasyon.

Instructions kina Ate, Kuya at Bunso: Sa loob ng 24 oras, o isang buong araw, i-record mo ang lahat ng balitang iyong matatanggap, saan ito kinuha o nanggaling (TV, radyo, Internet, etc.), at paano nito natutugunan ang iyong needs at interests. Layunin ng News Diet Check na makapag-reflect ka sa papel ng balita sa iyong buhay. Sa ibaba ay makikita ang ilang halimbawa ng chart na maaaring gamitin para sa activity. Maaring gumamit ng notebook para sa pag-record o i-print ang worksheet na makikita sa susunod na pahina. →

Kung sa pagsisimula ng activity ay mapansin mong kakaunti lang ang balitang iyong kinokonsumo, okay lang ito. Tandaan na hindi goal ng activity ang magparamihan. Ang punto ay makapagnilay kung bakit mo sinusundan ang

mga balitang sinusundan mo. Matapos ang 24 oras, pag-isipang mabuti kung bakit ka nagbabasa, nanonood, o nakikinig ng balita. O kaya naman, bakit hindi? Maging tapat sa iyong sarili.

Maaaring ang iyong sagot ay upang maging updated sa isang paksa, pangyayari, tao, o usapin na iyong personal



na pinahahalagahan. Maaari ring nagbabasa ka ng balita para hindi ka mapahiya at magmukhang walang alam sa mga nangyayari sa iyong paligid. Sa kabilang banda, pwedeng umiiwas ka naman sa balita dahil para sa iyo ay nakakalula ito, hindi mo ito naiintindihan, o kaya naman ay pakiramdam mo magdudulot lang ito ng di-pagkakasunduan sa pamilya o mga kaibigan.

Matapos ang 24 oras na pagsusuri sa iyong news diet, ipa-“check” o ibahagi ang iyong diet chart sa iyong magulang. Ang kasunod na step ay ang pagsasaayos ng iyong diyeta. Ano ang

ACTIVITY 1. 24-Hour News Diet Check

Oras/Araw	Balita	Source	Paano nito natutugunan ang iyong mga pangangailangan o interes?

ACTIVITY 1. 24-Hour News Diet Check

Oras/Araw	Balita	Source	Mapagkakatiwalaan ba ang impormasyon?	Mga komento

ACTIVITY 1. 24-Hour News Diet Check

	Umaga	Hapon	Gabi
Source ng impormasyon			
Oras na ginugol sa naturang source			
Mga balita at storya na nakuha			
Mga natutunan			



mga maaaring idagdag, ibawas, o baguhin sa iyong kasalukuyang news diet?

Instructions kina Nanay at Tatay: Gaya ng diyeta sa pagkain, lagi nating pinapaalalahanan ang

ating mga anak na kumain ng mga pagkaing masustansya, ng pagkaing tumutugon sa kanilang physical needs. Para sila ay lumakas, tumangkad, gumanda ang kutis, at iba pa. Sa kanilang news diet, anu-anong (1) mga klase ng balita; (2) mga source; at (3) mga paraan ng pagkuha ng balita ang mas makabubuti para kanila? Base sa chart, tingnan kung saan kinukulang o saan nasosobrahan ang inyong anak.

Gawing collaborative ang activity. Magtanungan: Anu-anong topics ang nais mo pang mas bigyan ng oras? Anu-anong bagong sources ang pwede mo pang subukang i-explore? Gaano ba ka-reliable ang mga balitang natatanggap mo? Gaano ito ka-balanse, kalawak? Gaano ka-useful ang mga ito sa iyong pang-araw-araw na gawain?

Sa ganitong paraan, mas magiging intentional ang iyong pagsubaybay sa balita. Sa loob ng ilang araw o isang linggo, maaari i-monitor ang inyong new and improved news diet. Hanapin ang tamang mix ng sources at klase ng balita na angkop sa inyong mga pangangailangan. Tandaan na mabuti ang balanse, malawak, reliable, at enriching na mga impormasyon at balita.



Una sa apat na #IWASFAKE Steps ang 1 para sa “Ikalma ang sarili” (Pause and calm down). Mahalagang mauna ito dahil karamihan ng “fake news” ay dinisenyo upang pumukaw ng emosyon. Madali itong makapanlinlang at mabilis na kumalat dahil karaniwan sa tao ang napapangunahan ng damdamin kapag siya ay gumagawa ng mga desisyon.

Sa gitna ng infodemic, o ang pagbugso ng magkahalong useful at unreliable na impormasyon, napakahalagang habit ang pagiging kalmado at maingat. Sa Ingles, tumutukoy ito sa konsepto ng mindfulness. Kaugnay nito ang abilidad ng tao na makapag-focus at makapagnilay sa sariling damdamin, karanasan, at kamalayan. Ang taong mindful ay bukas at sensitive sa kanyang mga emosyon. Ang mindfulness techniques gaya ng News Diet Check ay makatutulong sa paglaban sa mga karaniwan nating “cognitive failures.” Ang taong mindful ay hindi padalos-dalos, hindi madalining mainip, at hindi basta nauuto.

ACTIVITY 2 Bursting the Bubble

Ikaw ba ay nasa loob ng isang “filter bubble”? Ano ito at bakit ito mahalagang malaman? Ayon sa konsepto ng filter bubble, sinasala at hinuhubog ng social media at Internet ang ating mga opinyon at worldview.

Tulad ng isang salaan, ang Facebook, YouTube, Twitter at iba pa ay dinisenyo upang salain ang mga impormasyong nakakarating sa mga




user nito. Batay sa iyong mga pino-post, nila-like, kini-click, at pinapanood, nalalaman ng social media platforms kung anu-anong impormasyon ang ipapakita nila sa’yo. Sa ganitong proseso, maraming impormasyon, balita, ideya, opinyon, at kwento ang nasasala at hindi lumilitaw sa iyong news feed. Dahil dito, maaaring ikaw ay napapaloob sa isang “filter bubble” nang hindi mo namamalayan. Ang tanong, posible bang makawala sa filter bubble kahit hindi mag-deactivate o umalis sa social media?

Ang susi sa pagputok sa bula at pagkawala sa filter bubble ay ang pagkilala na ikaw nga ay nasa loob nito at maaaring naiimpluwensiyahan nito ang iyong pananaw sa mundo. Maaaring sadyang hindi ka lang aware o di kaya ay idine-deny mo ito; alinman sa dalawa, nasa kamalayan ng filter bubble ang susi sa pagresolba dito.

Instructions kina Ate, Kuya at Bunso: Gawin ang activity na may kapares. Maaaring makipag-partner sa kapatid, sa magulang, o sa sinumang kasama sa bahay. Gamit ang isang venn diagram, pagkumparahan ninyo ng iyong partner ang mga paksa, balita, politikal na opinyon, Facebook pages at groups, YouTube channels, apps, influencers, at iba pang mga bagay online na inyong fino-follow.

Ilista ang mga item kung saan kayo nagkakatulad at nagkakaiba. Kung makakapag-imbiba ng ikatlong miyembro, mabuting makita rin anu-ano ang mga pagkakaiba niya sa inyong mga interes at experience online. ▼



Instructions kina Nanay at Tatay: Kung sasali ang mga magulang sa activity na ito, malamang na lilitaw ang age gap sa pagitan nila at kanilang mga anak. Tipikal na nagkakaiba ang media choices at habits ng mga tao base sa kanilang edad. Oportunidad ito na mas makilala ng mga magulang ang kanilang mga anak, at vice versa.

Ang kabataan ay natural na mas komportableng magbahagi ng kanilang mga ideya at opinyon

sa kanilang mga kaibigan sa halip na sa pamilya. Kaya huwag masamain kung hindi agad-agad maging bukas ang inyong mga anak na mag-share.



Gamiting pagkakataon ang mga family dinner o pagsasalo sa kainan upang maging mas relaxed at komportable ang kwentuhan.


Matapos mabuo ang venn diagram, hamunin ang partner at sarili na mag-follow ng pages, groups, o websites, o kaya ay mag-download ng apps na meron sa listahan ng iyong partner at wala sa iyo. Layunin nito na gawing mas malawak ang iyong natatanggap na mga impormasyon at overall experience online. Isipin mo na lang, kung magiging mas sari-sari ang iyong pinagkukunan ng balita at content, unti-unting lalaki ang iyong filter bubble hanggang sa pumutok ito.



Karaniwan na ngayon ang mga pamilyang magkakasama man sa iisang bubong ay may kani-kaniyang pinagkakaabalahan sa mga sariling cellphone, laptop o anumang device. Di gaya dati na pampalipas oras ng buong pamilya ang panonood ng TV nang sama-sama, karaniwan ngayon na may mga sariling pinapanood, pinapakinggan, o binabasa ang bawat miyembro ng pamilya sa kani-kaniyang screen. Masasabi nating isa ito sa mga kabalintunaan o irony ng modernong henerasyon: “magkakasama ngunit mag-isa,” o sa Ingles, alone together.

Kaugnay ng ating laban sa “fake news” ang hamon sa bawat pamilya na magbuklod at gawing sentro ng ating mga relasyon ang open and proactive communication. Gaya ng layunin ng Bursting the Bubble activity, hamunin natin ang bawat isa na kumawala sa komportable at mga kinasanayan na habits sa loob ng pamilya.

ACTIVITY 2. Bursting the Bubble



ACTIVITY 3

Calling Out with Respect and Empathy

Ano kaya ang mas mahirap: ang mag-fact check ng isang maling storya o ang sumita ng kaibigan o kamag-anak na nag-share nito? Bakit nga ba mahirap paminsan ang kumausap ng taong kakilala na nakapag-share ng isang “fake news”? Mahalagang bahagi ng ating laban kontra sa mis-at disinformation ay ang abilidad natin na mag-report at mag-call out ng maling impormasyon at ng mga nagpapakalat nito. Ito ang S (salain at sitahin) sa apat na #IWASFAKE steps.

Tandaan ang dalawang bagay: empathy at respect. Maging magalang at maunawain. Ilagay ang sarili sa posisyon ng ibang tao at tingnan ang mga bagay-bagay mula sa perspective nila. Iwasan maging judgemental; ang panlalait o pamba-bash ay hindi epektibong paraan ng pagkausap sa mga taong nagsha-share ng maling impormasyon, sinasadya man nila o hindi. Kahit pa maging bastos o sarcastic ang sagot nila



sa’yo, maging pasensyoso at huwag papatol. Mainam kung ang ganitong ugali ay maituturo at mahasa simula pagkabata.

Instructions kina Ate, Kuya at Bunso: Manood o magbasa ng balita sa anumang available na media. Magnilay at isulat ang iyong reaksyon o feeling sa balitang nabasa o napanood. Katabi nito isulat naman ang sa tingin mong maaaring salungat na reaksyon dito ng ibang tao.

Instruction kina Nanay at Tatay: Sa pamamagitan ng simpleng exercise na ito, maaaring mahasa ang kasanayan ng ating mga anak sa paghihiwalay ng fiction sa nonfiction; ng

fact sa opinion. Ang balita ay isang klase ng pagsusulat na fact-based. Mula sa mga interview, datos, at dokumento, binubuo ng reporter o journalist ang isang balita. Hindi maaaring magpasok ng kanyang sariling pananaw o opinyon ang reporter sa balitang sinusulat niya. Samantala, ang pagbuo naman ng opinyon ay maaaring ibase sa napakaraming bagay: maaaring sa datos, facts, logic, o actual na pangyayari o maaari ring sa emosyon, sa dating karanasan, sa pananampalataya, o sa hula.



Kung may access naman sa social media, isa pang posibleng exercise ang pagbabasa ng comments sa mga balita mula sa pages ng



Ang mga Pilipino raw ay may kulturang “non-confrontational.” Ibig sabihin, kumpara sa ibang lahi, hindi karaniwan sa atin ang pamumuna sa kapwa nang harap-harapan. Konektado raw ito sa malalim na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa self-worth o self-respect (sa iba ay tinatawag na “amor propio”) kung kaya umiiwas tayo na maka-offend o makapanghiya ng ibang tao. Upang maiwasan ang away, ang iba ay nagtitimpi na lang, at sa ngalan ng pakikisama, iiwasan na lang na magkaroon ng disagreement. Sa ibang pagkakataon naman, umaasa tayo sa mga mediator gaya ng barangay captain para mamagitan kapag may dalawang di nagkakasundong panig.

Pagdating sa pag-fact check at pagsita sa mga kamag-anak at kakilala, lumilitaw ang kultura nating “non-confrontational,” kaya pinipili ng ilan sa atin na balewalain na lang kung may kakilala tayong nag-share ng maling balita. Paano natin ito mababago? Posible nga bang manita nang hindi nakaka-offend, nang hindi nauuwi sa pagalingan, sa sagutan, o sa away? Magandang simulan ito sa pagpraktis ng simpleng habits sa bahay.



legitimate news media organizations.

Instructions kina Ate, Kuya at Bunso:

Pumili ng isang balitang trending. Matapos basahin o panoorin ang buong balita, basahin

naman ang ilang comments sa post na may pinakamaraming reactions (e.g., like, haha, sad face, angry, wow). Pumili ng comments na naghahayag ng opinyon na kontra at pabor sa iyong personal na opinyon ukol sa balita. Isulat ito sa kwaderno o worksheet at, bilang exercise, sumulat ng hypothetical na sagot o reply sa bawat comment.

Instruction kina Nanay at Tatay: Sa pagsasanay na ito, maaaring ma-expose ang ating mga anak sa mensaheng di kaaya-aya tulad ng hate speech o salita na may layuning mang-insulto, makapanakit, o mambastos ng tao o grupo batay sa kanilang uri, relihiyon, kapansanan, sexual orientation, atbp. Andiyan din ang bigotry, o ang ugali o karakter na nagpapakita ng kawalan ng interes na makinig sa ibang opinyon. Gabayan ang ating anak sa pagproseso ng ganitong mga mensahe. Bigyang diin ang respeto, empathy, at mindfulness.

Sources:

News Literacy Project (2021). How to speak up without starting a showdown. <https://newslit.org/tips-tools/how-to-speak-up-without-starting-a-showdown/>

Schulzen, K. and Jolly, J. (2017, November 2). Improving Your ‘News Diet’: A Three-Step Lesson Plan for Teenagers and Teachers. The New York Times. <https://www.nytimes.com/2017/11/02/learning/lesson-plans/improving-your-news-diet-a-three-step-lesson-plan-for-teenagers-and-teachers.html>

Schulzen, K. (2018, February 1). 10 Things We Learned About Teenagers and the News: The Results of Our Student ‘News Diet’ Challenge. The New York Times. <https://www.nytimes.com/2018/02/01/learning/10-things-we-learned-about-teenagers-and-the-news-the-results-of-our-student-news-diet-challenge.html>

Sivek, S.C. (2018). Both Facts and Feelings: Emotion and News Literacy. *Journal of Media Literacy Education*. 10(2), 123-138. <https://doi.org/10.23860/JMLE-2018-10-2-7>

Tolinero-Barraquias, R. (2020, September 12). Media and Information Literacy at Home [Webinar]. Out of The Box Media Literacy Initiative. <https://www.facebook.com/ootbmedialiteracy/videos/609767093031236>

Mula sa infographic ng News Literacy Project na “[How to speak up without starting a showdown](https://newslit.org/tips-tools/how-to-speak-up-without-starting-a-showdown/),” narito ang ilang tips para sa maingat na pag-call out sa mga taong nakapag-share ng maling impormasyon online:

1. Humanap ng common ground. Sa halip na magpokus sa alitan, hanapin kung saan kayo maaaring magkasundo. Posibleng ang bawat isa ay may magandang hangarin, o parehas na pinaghuhugutan.
2. Bukod sa pagbibigay ng link sa isang fact check, mag-effort na ipaliwanag ang detalye nito. Dahil ang mga fact-checking organizations ay target din ng mga mapanirang atake online, madali para

sa ibang tao na i-reject sila. Dahil dito, mas mabuti kung makakapagbigay ka ng evidence mula sa higit pa sa isang source upang hindi matuon ang diskusyon sa pagdepensa ng credibility ng iisang source.

3. Pag-isipan kung ang iyong call out ay idadaan sa private message o bilang comment sa mismong public post. Kung public, mas marami ang maabot at maaaring matuto mula sa iyong call out. Subalit, dapat ding isipin na may mga sitwasyon na mas angkop kung pribado ang pag-uusap. Kung mapili man ang private message, isang magandang tip ang mag-iwan pa rin ng maikling comment sa public post (Hal: “Hmm... Medyo duda ako sa source nito.”)

ACTIVITY 3. Calling Out with Respect and Empathy

News story	(Ano ang nararamdaman ko) What I feel	(Ano ang maaaring nararamdaman ng iba) What others might feel

ACTIVITY 3. Calling Out with Respect and Empathy

Balita	
Source	

Comments	Your Response